gikan sa

# SIKLAB

an dakulang sulo

Ispesyal na Isyu II
Taon XLIV Blg. 4

Rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol



## Wakasan ang sumpa ng rehimeng US-Duterte! Mamamayan, kathain ang sariling legasiya!

Pasismo, pandarambong, pangangayupapa sa mga imperyalistang kapangyarihan, pang-aapi at pagsasamantala – ito ang sumpa ng rehimeng US-Duterte. Isang duguang legasiyang ang tanging marka ay hindi matatawarang kahirapan, kagutuman at kamatayan para sa masang Pilipino.

Habang naghahabol si Duterte na mapalawig pa ang sumpang ito, ginagawa ng mamamayang Pilipino ang lahat ng paraan upang tuluyan nang mapabagsak at matuldukan ang nag-uulol na paghahari ng tirano. Batid nilang isa sa pinakamahahalagang hakbang upang maipagtanggol at makamit ang kanilang mga demokratikong interes ang walang humpay at ubos-kayang pagbabalikwas laban sa mga tunay na kalaban ng sambayanan.

Ngayong panahon ng ikalimang State of the Nation Address (SONA), inaasahan na ng buong bansa ang muling pagbaha ng mga kasinungalingan, binaluktot at inimbentong tagumpay ng reaksyunaryong gubyerno at hungkag na mga pangako. Ngunit kahit ubusin pa ni Duterte ang lahat ng salita upang ipintang kahanga-hanga ang kanyang pamamahala, sino ang maniniwala kung ang lahat ng sikmura'y kumakalam? O kung nagkalat ang mga puntod ng mga pinaslang?

Ito ang tunay na State of the Nation.

## Pangangayupapa sa mga Imperyalistang Kapangyarihan

Masunuring tuta si Duterte. Lahat ng ipag-utos ng kanyang mga imperyalistang amo ay nagkakandarapa niyang ipinatutupad. Habang pinagsisilbihan ang US ay liniligawan din niya ang Tsina. Sa ilalim ng kanyang higit apat na taong pag-upo sa pwesto, lalong humigpit ang pagkakasakal ng mga dayuhang kapangyarihan sa larangan ng ekonomya, pulitika, militar at kultura ng bansa.

Walang sawa niyang itinutulak ang usapin ng *Charter Change* (Cha-Cha). Matagal nang inaasam-asam ng mga imperyalistang bansa at dambuhalang kapitalista ang pagbabago ng Konstitusyon ng 1987 na magbibigay ng buu-buong kalayaan para sa pagpasok ng dayuhang pamumuhunan. Linalayon nilang tanggalin ang lahat ng restriksyon at ang mga kahuli-hulihang proteksyon ng ekonomyang Pilipino. Nangangahulugan din ang Cha-Cha ng pinalawig na poder at kapangyarihan para kay Duterte.

Ngunit dahil mabuway ang pangkating Duterte at marami ang bitak sa loob ng reaksyunaryong gubyerno, hindi pa rin buu-buong mailarga ni Duterte ang Cha-Cha. Upang mapasaya pa rin ang kanyang mga amo, samu't saring mga batas na lamang ang pinalulusot niya na sa esensya ay nagpapatupad na ng mga probisyong sang-ayon sa Cha-Cha. Sa gayon, hindi na niya kailangang tahasang itulak ang Cha-cha.

Sa gitna ng kaguluhan sa Covid-19 ngayong unang kwarto ng 2020, ipinasa ang mga amyenda sa *Public Service Act* (PSA) na nagtatanggal sa sektor ng telekomunikasyon at transportasyon mula sa listahan ng mga protektadong serbisyong pampubliko at tuluyan nang magpapahintulot sa 100% dayuhang pag-aari. Kinukundisyon na rin ang taumbayan sa posibilidad na lalo pang magluluwag ang bansa sa pagpasok ng dayuhang pamumuhunan bilang solusyon umano sa pinsalang idinulot ng pandemya sa ekonomya ng bansa.

Itinuluy-tuloy at pinatindi pa nga ni Duterte ang pagpapatupad ng mga neoliberal na patakarang sang-ayon sa dikta ng imperyalistang US at Tsina. Ang mga nangungunang pahirap na batas tulad ng reporma sa sistema ng pagbubuwis, tagibang na pagpopokus sa imprastruktura maging ang pagbabago sa sistema ng edukasyon sa bansa ay pare-parehong para sa interes ng mga dambuhalang dayuhang kapitalista. Lalong nalumpo ang lokal na agrikultura at nawalan ng kakayahan ang bansang magtayo ng sariling mga industriya dahil sa mga batas at kasunduang ipinataw ng mga maka-imperyalistang institusyong International Monetary Fund (IMF), World Bank (WB) at World Trade Organization (WTO).

Ang banderang programang *Build, Build, Build* (BBB) ni Duterte ay linikha upang mapapasok ang mga kontrata, pamumuhunan at pautang na ipinipilit ng Tsina para sa bansa. Sa 91% ng pondo ng BBB na manggagaling mula sa mga dayuhang bansa, 42% ang galing sa Tsina. Hindi bababa sa 17 proyektong pang-imprastrukturang aabot sa P464 bilyon ang popondohan nito sa pamamagitan ng mga pautang at ayuda. Pinakamalaki rito ang proyektong 639-km PNR *South Long Haul* na tatahi sa Kabikulan at CALABARZON. Alinsunod sa mga tagibang na kasunduang ito, kapag hindi mabayaran ng bansa ang mga utang nito sa Tsina ay malaya na nitong maaangkin ang lupa at rekurso ng bansa. Gayundin, ang mga korteng aprubado ng Tsina ang hahawak sa kaso sakaling magkaroon ng anumang paglabag sa mga kontrata.

**Mga proyektong BBB na hawak ng Tsina sa Bikol (Hulyo 2019)**

**P175.3 bilyon**
PNR South Long haul (Manila-Bicol)

**P2.25 bilyon**
15.20-km Camarines Sur Expressway (San Fernando-Pili)


**P22.04 bilyon**
10.7-km, 2 lane Camarines-Catanduanes Friendship Bridge*

**tinanggal sa mga prayoridad na proyekto*

Sa larangang militar, nahigitan na ni Duterte ang mga kapwa niya papet na pangulo sa sugid ng pagpapatupad ng mga tagibang na kasunduang militar. Ipinagpatuloy niya ang pagpapatupad ng mga tratadong tulad ng *Mutual Defense Treaty* (MDT), *Mutual Logistics Support Agreement* (MLSA), *Visiting Forces Agreement* (VFA) at *Enhanced Defense Cooperation Agreement* (EDCA). Kinasangkapan niya ang kaguluhan sa Marawi noong 2017 upang palusutin ang *Operation Pacific Eagle-Philippines* (OPE-P) na pinagpostura nilang 'kontra-terorismo'. Binigyang-daan ng OPE-P ang pagpapalawak ng presensya ng pwersang militar ng US sa bansa kahit walang tratadong nagbibigay-ligalidad dito.

Dinagdagan nito ang higit 200 ahenteng militar ng US na dati nang permanenteng nakadeploy sa Pilipinas at direktang lumalahok at nangunguna sa mga operasyong militar sa bansa. Sa bisa ng OPE-P, lumobo ang bilang ng mga pinagsanib na ehersisyong militar, malayang nakapanghihimasok ang militar ng US sa mga operasyon ng AFP-PNP, naipagpapatuloy ang pagtatayo ng mga base at pasilidad at ang pagbubuhos ng mga pinaglumaang armas at artilyeri sa bansa.

Bahag din ang buntot ni Duterte pagdating sa militarisasyon ng karagatan at mga teritoryo ng Pilipinas para sa mga operasyon, ehersisyo at pasilidad-militar kapwa ng US at Tsina. Walang imik ang papet na rehimen habang nagpapatuloy ang pagpapalakas ng dalawang imperyalistang bansa ng kani-kanilang mga pwersang pandigma sa mga eryang mayroong soberanong karapatan ang Pilipinas tulad ng *West Philippine Sea* (WPS) habang walang imik ang papet na rehimen. Noong nakaraang taon, ipinalibot ng US ang mga barko nito sa WPS sa tabing ng pagtatanggol laban sa Tsina. Pinasinsin nito ang paniniktik sa mga baybayin ng bansa upang manmanan ang aktibidad ng karibal na imperyalistang bansa. Samantala, 2014 pa lamang ay iligal nang nagtatayo ng mga pasilidad-militar ang Tsina sa teritoryo ng Pilipinas.



Ngayong taon, habang nakatutok ang mata ng publiko sa pandemya, lalong tumitindi ang tensyon sa pagitan ng Tsina at US sa karagatan ng Pilipinas. Sa silangan ng bansa, nagpapatrulya ang dalawang US carrier strike group. Matapos ito ng makailang ulit na pagparada ng hindi bababa sa tatlong barkong pandigma ng US mula Abril hanggang Mayo. Samantala, mayroong 300 chinese vessels na nagpaptrulya sa kanlurang bahagi ng karagatan. Dagdag ito sa pwersang Tsinong permanenteng nakaistasyon sa mga pasilidad-militar na hinayaan ni Duterte na maitayo sa WPS.

## Pagpapahirap sa mamamayang Pilipino

Simula't sapul, hindi nauubusan si Duterte ng mga neoliberal na patakarang ipapataw upang pahirapan ang malawak na hanay ng mamamayan. Pagkaupo pa lamang sa pwesto, sunud-sunod ang mga ilinabas niyang atas na direktang taliwas sa mga kahingian at interes ng sambayanang Pilipino. Sa ilalim ng kanyang termino dinanas ng masa ang pinakamabilis na pagbulusok ng ekonomya, pinakamababang tantos ng disempleyo at pinakaagresibong pangangamkam ng lupa mula sa panahon ni Marcos.

Sa panahon ni Duterte, mabilis na naglaho ang artipisyal na paglagong idinulot ng mga panlabas na salik na sumalba sa pambansang ekonomya sa ilalim ng mga naunang administrasyon. Gayunpaman, nagpatuloy siya sa direksyong neoliberal ng kanyang mga imperyalistang amo. Nangunguna sa kanyang listahan ng prayoridad na neoliberal na batas ang BBB na nakatuon sa imprastruktura.

Nakapadron sa pambansang balangkas na ito ang programa ng mga rehiyon. Sa Bicol Regional Development Plan 2017-2022, malaking bahagi ng pondo ng Kabikulan ang ilinalaan para sa mga proyektong magsisilbi sa ekoturismo, serbisyo at kalakalan. Lantarang ibinubukas ng RDP ang rehiyon sa mga dayuhan at pribadong mamumuhunan sa kapinsalaan ng kabuhayan at panirahan ng mga Bikolano. Ayon sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas, tumaas ng 265.7% ang bilang ng dayuhang kontratang pumasok sa rehiyon noong 2018. Pinakatampok sa mga ito ang 1,854-ektaryang Masbate Park and Land Development, Inc. (M-park) na nagkakahalagang P190.19 bilyon at ang malawakang pagmimina sa mga prubinsya ng Camarines Norte, Camarines Sur, Albay at Masbate.

Gayunpaman, hindi ito nangahulugan ng dagdag-trabaho para sa masang Bikolano gaya ng inaasahan ng pahirap na rehimen.
Ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), bumagsak ang bilang ng mayroong

**Tala ng Aprubadong Dayuhang Pamumuhunan sa Bikol (REDP 2018)**

| TAON | | | TANTOS NG PAGTAAS | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 2016 | 2017 | 2018 | 2016 | 2017 | 2018 |
| 0.0 | P240.3 milyon | P878.8 milyon | -100% | ---- | 265.7% |

trabaho sa rehiyon mula 95.4% noong 2016 tungong 95.1% na lamang noong 2018. Sinasalamin ng panrehiyunal na datos na ito ang kalagayang pambansa. Ayon sa datos ng IBON Foundation, pinakamataas ang tantos ng disempleyo sa bansa sa panahon ni Duterte. Pumapalo sa 4.7 milyong Pilipino ang walang trabaho para sa taong 2019. Samantala, abereyds na 477,000 trabaho lamang ang nalilikha ng rehimen kada taon.

Sa lubhang pagkaantala ng pang-ekonomikong aktibidad dahil sa Covid-19, lalong tumaas ang tantos ng disempleyo sa rehiyon at buong bansa. Dahil kalakhan ng manggagawa sa Kabikulan ay nasa impormal na sektor, aabot sa 9 sa bawat 10 manggagawa sa rehiyon ang maaaring mawalan ng kabuhayan sa buong panahong mananalasa ang Covid-19.

Ang mga manggagawang ito ay dati nang pinapahirapan ng kontraktwalisasyon, napakababang sahod at iba pang napagsamantalang patakaran sa pagtrabaho. Isa sa mga unang atas ni Duterte mula nang umupo sa pwesto ay ang *Department Order No. 174* (DO 174) na naglalayong gawing ligal ang kontraktwalisasyon at paramihin ang mga labor contracting agency. Noong 2019, aabot sa 27.2 milyong Pilipino ang kontraktwal, agency-hired at nasa impormal na sektor.


Kulelat din si Duterte pagdating sa dalas at taas ng ibinibigay na dagdag-sahod sa mga manggagawa. Sa loob ng apat na taon niya, dalawang beses lamang nadagdagan ang sahod ng mga manggagawang Pilipino. Kakarampot na 9.4% lamang din ang kabuuhang umento. Higit pa itong masahol sa kaso ng mga rehiyong maliit ang takdang sahod kaysa sa NCR. Sa Kabikulan, umaabot lamang sa P290 ang minimum na sahod. Mayroong itinakdang P20 na umento ngunit hindi pa rin ito naipapatupad nitong Hunyo 2020.

Kalunus-lunos din ang kalagayan ng mga magsasaka sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Walang ni katiting na interes si Duterte na paunlarin at suportahan ang lokal na agrikultura. Sa loob ng 21 taon, naitala sa panahon ni Duterte ang pinakamalaking bilang ng trabahong nawala sa sektor ng agrikultura. Umabot ito sa 1.4 milyong nawalang trabaho mula 2017 hanggang 2019.

Tinuluy-tuloy din niya ang liberalisasyon ng mga agrikultural na produkto sang-ayon sa tulak ng maka-imperyalistang institusyong WTO. Binigyang-daan ng *Rice Liberalization Law* (RLL) ang pagbaha ng imported na bigas at nagpapalala sa krisis ng agrikultura sa bansa. Sa rehiyon, bumagsak na sa P10 ang presyo ng sariwang palay sa ilang mayor na bayan ng Camarines Sur at Albay sa loob pa lamang ng unang anim na buwang ipinatupad ang batas. Pagdating ng huling kwarto ng taon, bumagsak pa ito sa P7 para sa sariwang palay at P10 para sa tuyong palay. Samantala, nananatili sa P36-45 ang presyo ng bigas sa mga pamilihan at tumaas ang presyo ng mga farm inputs tulad ng pestisidyo at abono. Ngayong taon, binibili na lamang ang tuyong palay sa abereyds na halagang P600 kada sako at ang bigas ng P1,500 sa bawat sako.

Sa ganitong kalagayan, maraming magsasaka ang nalulugi at nagdadalawang-isip nang magsaka. Marami sa kanila ang napipilitang magsangla ng lupa o ipailalim sa kumbersyon ng lupa ang kanilang mga sakahan. Dahil wala nang maasahang lokal na produksyon at nakasalig lamang sa inangkat na bigas, maaaring kulangin ang suplay ng nakaimpok na bigas ng bansa ngayong panahon ng Covid-19 sa gitna ng paghihigpit ng ibang mga bansa sa pagbebenta ng bigas.

Ngunit hindi pa nasapatan dito si Duterte. Hanggang sa nakaraang SONA niya, ipinahayag ni Duterte ang pagnanais na maipasa na ang *National Land Use Act* (NLUA). Pabibilisin nito ang proseso ng malawakang kumbersyon ng mga lupang agrikultural at ninuno upang buksan ang mga ito sa dayuhan at pribadong



**KAHIT UBUSIN PA NI DUTERTE ANG LAHAT NG SALITA UPANG IPINTANG KAHANGA-HANGA ANG KANYANG PAMAMAHALA, SINO ANG MANINIWALA KUNG ANG LAHAT NG SIKMURA'Y KUMAKALAM? O KUNG NAGKALAT ANG MGA PUNTOD NG MGA PINASLANG?**

## CHARTER CHANGE

Noong Oktubre 2018, ilinabas ni Duterte ang EO 65 na nagpapatupad sa binawasang Foreign Investment Negative List ng NEDA. Binuksan para sa dayuhang pamumuhunan ang sumusunod:



- KONSTRUKSYON (mula 25%-40%)
- PAGTUTURO SA KOLEHIYO
- INTERNET
- SUPLAY NG KURYENTE
- MIDYA - RADYO (mula 20%-40%)
- SERBISYONG PANGKALUSUGAN
- BANGKO
- TEKNIKAL/BOKASYUNAL NA PAGSASANAY

## MILITARISASYON NG KARAGATAN NG PILIPINAS

**PWERSA NG US SA KARAGATAN NG BANSA**

**2016:** USNS Mercy
**2017:** USS McCain, USS Louisville at USS Carl Vinson
**2019:** USS Blue Ridge, USS Wasp at USS Montgomery
**2020:** USS Giffords, US Air Force B-1B Lancer, USS Montgomery, USNS Cesar Chaves, USS Roosevelt, USS Reagan at USS Nimitz.













**PWERSA NG TSINA SA KARAGATAN NG BANSA**

Pitong pasilidad militar sa WPS, Haiyang Dizhi 8 at 300 Chinese vessels




## OPE-P AT PANGHIHIMASOK NG US

**GASTOS SA OPERASYON NG OPE-P:**
**P1.62 bilyon AFP Surveillance Support** (2018)
**P541 bilyon** (2019)

**EHERSISYONG MILITAR SA ILALIM NG OPE-P:**
**2017: 258 exercises | 2018: 261 exercises**
**2019: 281 exercises**
tulad ng Pacific Partnership (Albay 2016; Eastern Visayas 2018), Balikatan 34 at 35 (Mayo 2018; Abril 2019), Rim of the Pacific (Hawaii 2018), MTA Sama Sama (Hulyo 2018), Kamandag 2 at 3 (Oktubre 2018 at 2019) at Salaknib (Marso 2019)

**HALAGA NG ARMAS NA IBINIGAY SA AFP:**
Enero 2017- Agosto 2018 - **P5 bilyon+**

**BINUO AT SINANAY NA MGA PORMASYON:**
a. Social Media Monitoring Cell (CMO Regiment; binuo 2018)
b. 1st Brigade Combat Team (SOCOM; binuo Disyembre 2018)

**ITINAYONG BASE AT PASILIDAD-MILITAR:**
mga gusali sa loob ng sumusunod na kampo: Basa Air Force Base (Pampanga, 2017), Fort Magsaysay Military Reservation (Nueva Ecija, 2018; base ng SOCOM), Lumbia Air Base (Misamis Oriental, 2018), Antonio Bautista Air Base (Palawan, 2018) at Benito Ebuen Air Base (Cebu, 2018). Nagpapatuloy din ang konstruksyon ng base militar sa residensyal na erya ng Marawi.



papet • pasista • pabaya • pahirap

# DUTERTE 4 TAON

# PANAHON NA UPANG IPAGPATULOY ANG PAGKATHA SA LEGASIYA NG MAMAMAYAN! MAGPUNYAGI AT LUMABAN! PABAGSAKIN ANG REHIMENG US-DUTERTE! ISULONG ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN!

## KORUPSYON NI DUTERTE

### 2015

Lumaki taun-taon ang deklaradong yaman ni Duterte sa kanyang SALN sa panahong alkalde siya ng Davao. Mula 1997 hanggang 2015, tumaas nang 2,500% ang yaman ni Duterte mula P897,792 noong 1997 tungong P23.5 milyon

### 2016

Sa kanyang unang anim na buwan bilang presidente, nadagdagan nang P3 milyon ang deklaradong yaman ni Duterte. Sa unang taon, umabot na sa P386.2 milyon ang halaga ng kanyang mga byahe. Triple ito ng pinagsamang halaga ng byahe sa ibang bansa ng rehimeng Arroyo at Aquino.

### 2018

Nasangkot si Duterte, sa pamamagitan ng kanyang masugid na alipures na si Bong Go, sa anomalya sa pagbili ng P16-bilyong Combat Management System ng mga barkong pandigma ng Philippine Navy. Bago nito, tinanggal bilang hepe ng Philippine Navy si Vice Admiral Ronald Mercado na tumutol sa rekomendasyon ni Go na ibigay ang kontrata sa Hanhwa Thales, isang kumpanyang Koreano.

### 2019

Lumobo nang P1.9 trilyon ang pambansang utang ng Pilipinas mula nang maupo sa poder si Duterte. Tumaas ang utang ng bawat Pilipino tungong P73,672 noong Mayo 2019. Ang paglobong ito ay bunga ng labis na pangungutang ni Duterte para sa mga proyektong hinuhuthutan niya ng kickback.

**PANGKABUUHANG GASTOS:**

Abereyds na P2.5 bilyon ayuda mula sa US

2017 – P188 bilyon | 2018 – P195. 4 bilyon | 2019 – P251 bilyon

*Dalawang beses na higit na mabilis kaysa sa abereyds na pagtaas ng paggastos sa militar ng mga bansa sa ASEAN*

**ARMAS: P300 bilyon (Horizon 2-AFP Modernization Program)**

**TAUHAN:**

EO 3: Itinaas ang combat pay at mga insentibo para sa AFP at PNP

JR 1: Nagdoble sa sahod ng mga pulis at militar

EO 18: Nagbigay-kapangyarihan sa hepe ng AFP na aprubahan ang mga kontrata sa pagbili ng mga kagamitan nang walang public bidding.

EO 69: Pagdaragdag ng sahod sa mga CAFGU

## BADYET SA PASISMO

## TAMPOK NA PAHIRAP NA BATAS NI DUTERTE

### DO 168 at 174 (Marso 2017)

Sa bisa ng magkatambal na atas, pinataas ang panimulang kapital ng mga *labor contracting agency* mula P3 milyon tungong P5 milyon at nagpataw ng multa sa mga ahensyang lalabag. Ipinapasa ang obligasyon sa mga ahensya ngunit hindi tinutugunan ang kawalan ng direktang pananagutan ng mga kapitalista sa kanilang mga manggagawa.

### BBB (2017)

Ang P84 trilyong programang ito ay sumasaklaw sa 40,000 proyektong pang-imprastruktura na mayroong 100 banderang proyekto.

### NLUA* (2017)

Sa bisa nito, ikakategorya ng estado ang gamit ng mga lupain kabilang ang mga lupang agrikultural at pampubliko. Walang moratoryum at pahihintulutan ang pagpapalit-gamit ng mga hindi itinuturing na primera klaseng lupang agrikultural para sa kumersyal na gamit. Ipagbabawal din ang pagsasaka sa mga pampublikong lupaing idedeklarang kagubatan. Itatatag ang National Land Use Commission (NLUC) na mangangasiwa sa reklasipikasyon, kumbersyon at magbabalangkas ng pambansang plano para rito kada 10 taon.

### TRAIN-CTRP (Enero 2018)

Layunin ng programang baguhin ang sistema ng pagbubuwis batay sa rekomendasyon ng The Arangkada Philippines Project (TAPP)ng American Chamber of Commerce.

### RLL (Pebrero 2019)

Tinatanggal ang proteksyon sa bolyum ng bigas na maaaring iangkat ng bansa. Sang-ayon ang naturang batas sa Agreement on Agriculture-WTO 1995.

** - hindi pa naisasabatas*



papet·pasista·pabaya·pahirap

# IBAGSAK 4 TAON

pamumuhunan. Palalayasin ang mga magsasaka at katutubo sa lupaing tatayuan ng dambuhalang mga imprastruktura sa ilalim ng programang BBB.

Ayon mismo sa datos ng rehimen, lumiit na nang 25% ang kabuuang erya ng lupang agrikultural sa bansa mula 9.7 milyong ektarya noong 1980 tungong 7.3 milyon noong 2012.

| AGRIKULTURA SA KABIKULAN | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| *Tantos ng Pagtaas o Pagbaba ng Produksyon ng Palay* | | | | | |
| National 2016 | Bikol 2016 | National 2017 | Bikol 2017 | National 2018 | Bikol 2018 |
| -2.9% | -.9% | 9.4% | 4.7% | -1.1% | 1.2% |
| *Tantos ng Pagtaas o Pagbaba ng Produksyon ng Mais* | | | | | |
| National 2016 | Bikol 2016 | National 2017 | Bikol 2017 | National 2018 | Bikol 2018 |
| -4.0 | -6% | 9.6% | 10.7% | -1.8% | -3% |
| *Tantos ng Pagtaas o Pagbaba ng Produksyon ng Hayop (Kalabaw, Baka, Kambing at iba pa)* | | | | | |
| National 2016 | Bikol 2016 | National 2017 | Bikol 2017 | National 2018 | Bikol 2018 |
| 1.3% | 3.1% | -1.5% | 3.4% | -1.2% | -2% |

Isa pa sa pinakamalulupit na batas na ipinapapasan ni Duterte sa mamamayan ang *Tax Reform for Acceleration and Inclusion Program* (TRAIN), unang pakete ng *Comprehensive Tax Reform Program* (CTRP). Lampas dalawang taon nang binabayo ang masa ng napakataas na buwis sa mga pangunahing konsumo laluna sa produktong petrolyo. Samantala, lalong pinadadali ng TRAIN ang buhay ng pinakamayayaman at pinakamalalaking kapitalista sa pamamagitan ng pagbawas sa buwis sa kapital at pamumuhunan.

Sa kalagitnaan ng Covid-19, itinutulak din ni Duterte ang mga pahirap na batas na tulad ng *Jeepney Phaseout* at ang ikalawang pakete ng CTRP na *Corporate Income Tax and Incentives Rationalization Act* (CITIRA). Ilinusot na rin niya ang pagpapataw ng dagdag na 10% buwis sa langis.


Sabay-sabay na binabalikat ng masa ang lahat ng ito habang nananatiling komersyalisado at hindi abot-kaya ang mga serbisyong panlipunan tulad ng yutilidad, pabahay at edukasyon. Sa harap ng pagdami ng maralitang lunsod dahil sa kawalan ng kongkretong hakbang ng gubyerno upang lutasin ang kanilang kahirapan, ipinatupad ni Duterte ang *Oplan Rid the Streets of Drunkards and Youth* (RODY) at Oplan Tanggal Tambay.Sa unang buwan ng naturang iligal na kampanya, umabot na sa 50,000 ang inaresto at kinikilan, daan-daan ang inabuso at dalawa na ang napatay habang nasa kustodiya ng PNP.

## Pandarahas at pasismo laban sa sambayanang lumalaban

Pasismo at terorismo ang pangunahing lenggwahe ng tiranong si Duterte. Iwinawasiwas niya ang walang kapantay na panunupil upang igupo sa takot at pigilan ang paglaban ng mamamayan. Ang pagpapairal ng batas militar at pasismo sa lahat ng larangan ng pamumuhay na higit na masahol kaysa sa idolo niyang si Marcos ang tanging alam niyang paraan upang makuha ang lahat ng kanyang ninanais.

Apat na taon nang sinasalanta ang sambayanan ng iba't ibang mukha at papatinding total war ni Duterte. Mula 2016 hanggang Hulyo 2019, lampas 35,000 indibidwal na ang naitalang napatay sa ilalim ng madugong Oplan Tokhang. Sa ilalim naman ng dalawang taon ng batas militar sa Mindanao, hindi bababa sa 806,580 ang biktima ng iba't ibang paglabag sa karapatang tao tulad ng pambubomba, sapilitang pagpapalikas, tortyur at pamamaslang.

Sa kabila ng nakalululang pagmamalabis, hindi pa ito ang rurok ng pasismo ni Duterte. Kasabay ng paglalagay ng mga berdugong upisyal-militar sa kanyang gabinete, sunud-sunod na patakaran ang ipinatupad niya upang suhayan ang kanyang kontra-insurhensyang programang Oplan Kapanatagan. Makailang beses niyang sinabotahe ang usapang pangkapayapaan at iginiit ang kanyang pasistang adyenda sa kabila ng pagtatakwil ng sambayanang Pilipino at



internasyunal na komunidad. Dahil para sa kanya ang lahat ng tipo ng paglaban at oposisyon ay katumbas ng multo ng komunismo, pinasaklaw niya ang kanyang pasistang opensiba hanggang mapailalim ang bansa sa kanyang bersyon ng batas militar.

Ilan sa mga pinakabago niyang atas ay ang *Memorandum Order No. 32* (MO 32) na nagbigay-ligalidad sa dagdag na pwersang pulis at militar sa Samar, Negros at Bikol, ang *Executive Order No. 70* (EO 70) na nagpapailalim sa sibilyang burukrasya sa paghaharing-militar at ang *Anti-Terrorism Act of 2020* (ATA 2020) na tahasang sumasalaula sa kalayaan ng mamamayang mag-isip at magpahayag ng kanilang pananaw at paninindigan.

Dulot ng mga pasista at teroristang atakeng ito, pumalo na sa 131 ang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa Bikol mula Hulyo 2016 hanggang Hulyo 2020. Libu-libo pa ang biktima ng samu't saring paglabag sa karapatang tao. Hindi tumigil bagkus lumala pa nga ang mga krimen laban sa masang Bikolano sa panahon ng Covid-19. Nakapagtala ng hindi bababa sa 18 kaso ng pamamaslang kabilang na ang tatlong masaker mula Marso hanggang Hulyo ngayong taon.

Hindi lamang buhay at kabuhayan ng sambayanang Pilipino ang linulustay ni Duterte sa kanyang pasistang paghahari. Winawaldas din niya ang kabang-bayan para sa mga walang katuturang operasyong militar, dagdag armas at pabuya para sa mersenaryong hukbo. Binusog niya ang kanyang berdugong pwersa at pinangakuang ipagtatanggol sa harap ng batas sa kanilang mga krimen laban sa mamamayan.

## Pagpapabaya sa panahon ng pandemya at sakuna

Sinisingil din ng mamamayang Pilipino si Duterte sa kriminal na kapabayaan sa harap ng sunud-sunod na pandemya at sakuna sa bansa. Dahil sa pagkalulong niya sa pasismo at neoliberalismo, hindi nakahanda ang bansa sa pagharap sa krisis na hatid ng mga kalamidad. Unahin ang kapakanan ng naghaharing-uri bago ang kapakanan ng mamamayan – ito ang padron ni Duterte sa pagharap sa mga trahedyang bumabayo sa mamamayan.

Malaki ang iniwang danyos ng Bagyong Tisoy noong Disyembre 2019 ngunit walang anumang makabuluhang ayudang ibinigay ang rehimen. Sa Kabikulan, hindi bababa sa P9 bilyon ang danyos na idinulot ng naturang bagyo. Ilan sa mga pinakanapinsalang prubinsya ang Sorsogon, Albay at Camarines Sur. Dulot nito, nagdeklara ng anim na buwang red alert ang prubinsya ng Camarines Sur.

Ngunit hindi pa nga nakababangon dito ay bumilis naman ang paglaganap ng pandemyang *African Swine Flu* (ASF), isang sakit na kumakapit at pumapatay sa mga alagang baboy. Noong nakaraang taon pa lamang ay 100 milyong baboy na ang namatay at kinailangang patayin dahil sa ASF. Sa prubinsya ng Camarines Sur, umabot na sa 3,214 baboy ang pinatay ngayong Marso.

Kasabay na nangyayari sa panahong ito ang tuluy-tuloy na pagsabog at *ashfall* ng bulkang Taal ngayong Enero na nakapagpalikas sa hindi bababa sa milyong residente ng Batangas. Umabot sa P3 bilyong piso ang halagang pinsala sa agrikultura.

## MGA PASISTANG ATAS NI DUTERTE

### 2016

**Proc. No. 55** (Setyembre 4)
Deklarasyon ng state of emergency dahil sa lawless violence sa Mindanao

**MO 3** (Setyembre 7)
Pagdagdag ng pwersa ng AFP-PNP-CAFGU sa Mindanao

### 2017

**Oplan Kapayapaan** (Enero 1)

**National Security Policy (NSP) 2017-2022 at EO 16** (Abril)

**Proc. No. 216** (Mayo 23)
Batas Militar sa Mindanao

Unang pagpapalawig ng batas militar (Hulyo 22)

**National ID System** (Agosto 6)

Inter-Agency Committee on Legal Action (Oktubre 2017)

**Proc. No. 360** (Nobyembre 23)
Kanselasyon ng Usapang Pangkapayapaan

**Proc. No. 374** (Disyembre 5)
Deklarasyong terorista ang CPP-NPA-NDF

Ikalawang pagpapalawig ng batas militar (Disyembre 14)

### 2018

Proscription Petition (Pebrero 21)

**SEC MC No. 15** (Pebrero 21)
Paniniktik at panggigipit sa mga NGOs

**National Security Strategy** (Abril)
Latag ng partikular na hakbang sang-ayon sa NSP

*Pagbubuo ng Joint Task Force Bicolandia (Hunyo 11)*

**MO 32** (Nobyembre 22)
Pagdagdag ng batalyon sa Negros, Samar at Bikol

**EO 70** (Disyembre 4)
Pagbubuo ng NTF-ELCAC at NPF, institusyunalisasyon ng WONA

Ikatlong pagpapalawig ng batas militar (Disyembre 12)

### 2019

**Cabinet Officers for Regional Development and Security** (Abril)


**Oplan Kapanatagan** (Enero 10)

*Pagbubuo ng RTF-Bikol (Agosto 19)*

### 2020

**Bayanihan to Heal as One Act** (unang kwarto)
dagdag kapangyarihan kay Duterte upang magdeklara ng lockdown

**Anti-Terrorism Act** (Hulyo 3)



Wala ring matinong plano para sa higit isang milyong residenteng kinailangang lumikas mula sa erya. Maraming Bikolanong namamasukan sa mga pangisdaan sa lugar at naninirahan ang napasabay sa malawakang dislokasyon at nawalan ng hanapbuhay.

Walong buwan bago ang pagsabog, alam na ng rehimeng US-Duterte ang nakaambang pagsabog ng naturang bulkan batay sa ulat ng Philippine Volcanology and Seismology (PHILVOCS). Ngunit hindi agad itinaas ng rehimen ang alerto sa mga karatig nitong lugar. Sa maagang panahon ng pag-aalburuto ng bulkan, hindi agad nag-abiso ang National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) at lokal nitong mga ahensya sa mga residenteng naninirahan sa paligid ng Lawa ng Taal.

Pagpasok ng buwan ng Pebrero, nagsimula namang lumaganap ang pandemyang Covid-19 sa bansa. Enero pa lamang ay nagtaas na ng alerto ang World Health Organization (WHO) hinggil sa noon ay epidemya pa lamang na Covid-19 sa Wuhan, Tsina. Ngunit sa halip na maghanda na para pigilan at agapan ang pananalanta ng Covid-19, nagkibit-balikat lamang si Duterte at nagpatuloy sa pagpapatupad ng mga neoliberal na programa nito. Noong Pebrero 25, kahit mayroon nang kaso ng Covid-19 sa bansa, nakipagpulong pa rin si Duterte sa Asian Development Bank (ADB) upang muling umutang para sa kanyang programang BBB.


Ngayon, limang buwan mula nang lumaganap ang Covid-19 sa bansa, ni wala pang anumang makabuluhang tugon ang reaksyunaryong gubyerno. Ang masahol pa, sinakyan na nang lubusan ni Duterte ang pandemya upang makapagpasa ng dagdag pang mga batas na nagsisilbi sa kanyang interes at ikalulugod ng kanyang lokal at dayuhang amo.

Ang mga hakbangin niya pagdating sa Covid-19 ay hindi nalalayo sa ginawa niya sa panahong sinasalanta ang bansa ng epidemya ng Dengue. Tinatayang aabot sa 26 batang Pilipino ang pumanaw dahil sa bakunang Dengvaxia ng kumpanyang Sanofi Pasteur mula pa 2016.

Nang simulan ang programa sa bansa noong Abril 2016 ay hindi pa tapos ang pagsusuri sa naturang bakuna. Gayunpaman, aabot sa 870,000 estudyanteng 9-14 taon at 15,000 pulis ang tinurukan. Sa kabila ng mga anomalya at nauna nang abiso hinggil sa masamang epekto ng gamot, nagdesisyon pa rin ang Department of Health (DOH) sa ilalim ng rehimeng Duterte na ipagpatuloy ang programa.

### Pagnanakaw at pangungurakot sa pera ng taumbayan

Bulok na burukrata kapitalista si Duterte sa kaibuturan. Tinitiyak niyang makahuhuthot siya ng maksimum na ganansiya sa lahat ng batas at patakarang ipatupad niya. Ang trahedya at kahirapan ng sambayanan ay pagkakataon sa kanya upang lalo pang palobohin ang bulsa at magpakabusog sa dugo at pawis ng masang inaapi't pinagsasamantalahan.



Sa kabila ng mapagpanggap niyang deklarasyong siya ay kontra-droga, si Duterte ang tunay na *drug overlord* sa bansa. Tinarget ng kanyang Oplan Tokhang ang mga karibal sa negosyo habang nagpapatuloy naman ang sariling malawakang transaksyon sa iligal na droga. Noong 2019, nalantad sa publiko ang kaugnayan nina Duterte at Bong Go kay Michael Yang. Sina Yang, kasama ang isang Allan Lim, ay tinukoy na utak ng malakihang pagpuslit ng shabu at operasyon ng mga laboratoryo sa paggawa nito sa Mindanao at Luzon. Kabilang dito ang pagpuslit ng P11 bilyong halaga ng shabu noong 2018 na itinago sa mga 'magnetic lifter' na natagpuan sa Maynila at sa Cavite kung saan nakabase si Lim. Bago pa ito, nadawit na ang kanyang anak na si Paolo Duterte at manugang na si Mans Carpio sa pagpuslit ng P6.4 bilyong halaga ng shabu sa Davao noong 2017.

Nagpapasasa rin si Duterte sa *kickback* mula sa mga kontratang pampubliko. Ipinahayag niya na hindi na sasailalim sa public bidding ang mga proyekto ng kanyang rehimen. Sa ganitong kalagayan, hindi na magiging bukas sa publiko ang bidding at buo itong kokontrolin ng mga ahensya na direktang nakapailalim sa pangulo. Kinukuha niya ang suporta ng malalaking burgesya kumprador at dayuhang kapitalista sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga konsesyon at pagpaprayoridad ng kani-kanilang mga kumpanya.

Lahat nang maaaring pagkakitaan ay pinasok ng pangkating Duterte. Nasangkot sila sa anomalya ng pagpapatupad ng *Good Conduct Time Allowance* (GCTA) kung saan 1,700 kriminal ang pinalaya kapalit ng suhol sa mga upisyal ng bilangguan. Prinoyekto rin nila ang ligalisasyon ng iligal na bisyo at sugal. Sa maagang bahagi pa lamang ng kanyang panunungkulan, ilinabas na ni Duterte ang Executive Order No. 13 (EO 13) na nag-institusyunalisa sa *Philippine Offshore Gaming Operations* (POGO). Noong 2019, nalantad ang *pastillas scheme* kung saan ang suhol na tinatanggap ng mga upisyal ay nakabalot sa papel upang magmukha itong pastillas. Nabulgar sa publikong tumatanggap ang Bureau of Immigration (BI) ng P10,000 sa kada manggagawang Tsino na pumapasok sa bansa kapalit ng pagbibigay ng ispesyal na serbisyo sa kanila.

### Pabagsakin ang Papet, Pahirap at Pasistang Pangulo! Wakasan ang sumpa ni Duterte!

Sukdulan na! Ito ang sigaw ng mamamayan sa loob ng apat na taong paghahari ni Duterte. Walang ibang dinala si Duterte sa buhay ng sambayanang Pilipino kung hindi labis-labis na pang-aapi at pagsasamantala. Marapat lamang na manindigan at lumaban ang masang anakpawis para sa kanilang buhay, kagalingan, karapatan at kalayaan.

*"Dapat itong tumbasan at higitan ng lalo pang maigting na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng malawak na hanay ng mamamayan hindi lamang laban kay Duterte kundi laban sa pagsasamantala ng lokal na naghaharing-uri at imperyalistang panghihimasok."*

Sa huling mga taon ni Duterte sa pwesto, tiyak na uumpisahan na niya ang agresibong paglalako ng kanyang sarili o 'di kaya ay kanyang mga alagang burukrata para sa susunod na eleksyon. Desperado niyang hahabulin ang suporta kapwa ng imperyalistang US at Tsina. Pinaiiral niya ang batas militar upang lumawig ang kanyang termino o kaya ay tiyaking galing sa kanyang pangkatin ang susunod na pangulo. Mangangahulugan ito ng doble-doble pang pagpapahirap sa masa. Dapat itong tumbasan at higitan ng lalo pang maigting na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng malawak na hanay ng mamamayan hindi lamang laban kay Duterte kundi laban sa pagsasamantala ng lokal na naghaharing-uri at imperyalistang panghihimasok.

Dapat sabayang ilunsad ang malawakan at agresibong propaganda-ahitasyon at propaganda-edukasyon upang maabot at mamulat ang taumbayan. Panghawakan ang mga tradisyunal na porma ng pagpopropaganda tulad ng paglalabas ng mga polyeto, pampleto at pahayagan, pagsasagawa ng mga house to house at paglulunsad ng mga talakayan habang tumutuklas at sinasamantala ang mga makabagong daluyan tulad ng social media. Hindi hadlang ang lockdown upang makapaglunsad ng walang humpay na edukasyon sa hanay ng masa.

Upang hindi manatili sa antas-ahitasyon, dapat tiyaking maorganisa at makonsolida ang lahat ng pwersang mamumulat para sa paglabang anti-pyudal, anti-pasista at anti-imperyalista. Buuhin at mahusay na paganahin ang malapad na alyansang bahagi ng kilusang-talsik. Himuking makibahagi ang lahat ng indibidwal at organisasyon, sa loob at labas ng bansa, na sumusuporta sa laban ng mamamayan para sa kanilang mga karapatan.

Dapat maging mulat sa mga limitasyon ng ligal na pagkilos at aktibong pataasin ang pampulitikang kamulatan at kapasyahan ng masa sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Magplano at ipatupad ang mga komprehensibong hakbangin upang makapagrekluta para sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa para sa mga magsasaka, manggagawa, kababaihan, kabataan at iba pang sektor. Itayo ang mga ganap na samahang masa sa mga eryang may sapat nang kasapian ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa.



Mapangahas na magrekluta para sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Dapat maglatag at magpatupad ang mga sangay ng Partido ng komprehensibong programa para sa pagpapasampa sa BHB. Laging bukas ang pintuan ng Pulang Hukbo para sa sinumang nais tumangan ng armas mula sa sektor ng magsasaka, manggagawa, kabataang-estudyante, taong-simbahan, pambansang minorya, kababaihan at iba pa. Malaking ambag sa digmang bayan kapwa ang mahabang karanasan at mayamang kaalaman ng mga nakatatanda at ang mapanlikha at nag-uumapaw na kasigasigan at lakas ng kabataan. Ang kumbinasyong ito ang tumitiyak sa patuloy na pag-unlad ng demokratikong rebolusyong bayan sa kabuuhan.


Ang mga pinakaabante at maaasahang elementong sisibol mula sa malawak na hanay ng masang maoorganisa ay kagyat na reklutahin sa Partido. Ang mga erya sa kanayunan na mayroon nang relatibong malakas na pwersa ay dapat kagyat na kumpletuhin ang mga rekisitos upang makapagtayo ng mga komiteng rebolusyonaryo. Sa mga eryang mayroon nang mga organo ng kapangyarihang pampulitika, walang sawang konsolidahin ang pwersa at panatilihing masigla ang diwa ng pagtutulungan, pagkakaisa at paglaban ng masang anakpawis.

Higit sa lahat, dapat organisado at mapagpasyang kumilos upang biguin ang lahat ng atake laban sa sambayanang Pilipino at pabagsakin ang rehimeng US-Duterte. Panghawakan ang mga extra-ligal na pagkilos at porma ng paglabang walang puwang sa makitid na parlamentaryo. Pangunahin sa mga ito ang pagpapalakas ng armadong pakikibaka ng mamamayan. Dapat makibahagi ang BHB sa laban ng mamamayan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga batayang taktikal na opensiba, atritibong aksyon at aksyong pamamarusa laban sa lahat ng napatunayang nagkasala sa masang Pilipino. Kasabay nito, dapat tuluy-tuloy ang puspusang pagsasagawa ng malakihang mobilisasyon at samantalahin lahat ng ligal na pamamaraan upang mapanagot sa kanyang mga krimen si Duterte at ang kanyang pangkatin.

Sa huli, si Duterte ay isa lamang sa mahabang listahan ng mga papet na kumakatawan sa malakolonyal at malapyudal na lipunang sakmal ng imperyalismo. Upang makamit ang tunay na kalayaan, kaunlaran at kapayapaan, dapat mapagpasyang durugin ang lumang sistema at palitan ng panibago. Isang bagong sistemang makakamit sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan at wala nang puwang para sa mga papet, pahirap, pasista, pabayang pinuno.

Panahon na upang ipagpatuloy ang pagkatha sa legasiya ng mamamayan! Magpunyagi at Lumaban! Pabagsakin ang rehimeng US-Duterte! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan! ■

## Ang Ginintuang Pamana ng Baryong Malaya



Hindi pa sumisikat ang araw, kumakalansing na ang mga kawali't sandok sa kusina. Maghahanda na ng libre at masasarap na pagkain para sa libu-libong katao ang isang kantina sa Baryong Malaya. Dinadagsa ito ng mga manggagawa, magsasaka, mga artista at kahit kawani ng gubyerno. Tatlong beses kada araw libre ang pagkain dito at mayroong konsiderasyon sa pangangailangan ng mga maysakit, iba't ibang kultura at maging kagustuhan ng mga tumatangkilik. Halos hindi umuulit ang mga putahe sa loob ng tatlong buwan. Napakasarap ng luto at tinimpla nang may lubus-lubos na pagmamahal sa trabaho at sa kapwa!

Mayroong day care at home for the aged, palabahan, pagawaan ng damit at sagana sa pagkain ang buong baryo. Kayang magsarili ng baryong ito – mayroon silang sariling industriya, mga pagawaan ng bakal, pagawaan ng noodles at iba pang processed food, mga eskwelahan at mga klinik. Malayang nakalalahok ang kababaihan sa iba pang gawain dahil nilibre na sila ng mga serbisyo sa baryo mula sa gawaing bahay. Walang bayad ang mga paaralan at ang mga ito na rin ang naghahanda para sa pagkain at iba pang pangangailangan ng mga bata at kabataan sa panahong nasa eskwelahan. Kaliwa't kanan ang mga garden ng mga residente, liban pa sa lupang sama-sama nilang tinataniman. Hindi na nila kailangang lumayo, bumili mula sa labas o umasa sa sinuman para mabuhay at masustentuhan ang kanilang mga pangangailangan.


Napakahirap paniwalaang mayroong ganitong baryong umiral sa kasaysayan ng mundo.

Ano pa nga ba ang hihingin ng mga residente ng Baryong Malaya? Panatag sila sa kanilang buhay at kabuhayan. Magaan sa loob at masigasig na gumampan ng mga trabaho ang lahat.

Nakakawing sa lupa ang buhay ng mga taga-Baryong Malaya. Sistematiko at sama-sama silang nagtatanim. Sa bawat parsela ng lupa, napagplanuhan na nila kung ano ang itatanim, gaano karaming abono ang ilalagay, gaano kadalas at karaming tubig ang kailangan at ang target nilang ani. Layunin nilang makamit ang pinakamaraming ani sa pinakamaliit na parsela ng lupang kailangang tamnan.

Mayroon ding mga pagawaan sa Baryong Malaya. Itinayo at pinatatakbo ito mismo ng mga taumbaryo at sila na rin ang nakikinabang sa mga produkto nito. Itinatakda ito batay sa pangangailangan ng komunidad. Ang kakaiba pa? Kasama sa linya ng produksyon kahit ang mga superbisor. Hindi na nila kinakailangang igiit na makapagbuo ng unyon dahil awtomatiko nang may kinatawan ang mga manggagawa. Bayad ang maternity leave ng lahat ng kapapanganak pa lamang at hindi maaaring payagang mag-


overtime o magtrabaho tuwing gabi ang mga buntis. Mayroon ding panahong nakatalaga upang makapag-aral at makapagpataas ng kasanayan ang mga manggagawa sa trabaho nila at sa iba pang larangan. Resulta nito, hindi na lamang sila mga tagapagpagana ng makina sa pagawaan, kung hindi mga pyesa ng higit pang malaking makinang nagpapagana sa buong komunidad – mga artista, magsasaka, manunulat at higit sa lahat, mga lider.



Dumaan din sa maraming pagsubok ang mga residente ng Baryong Malaya. Binabaha ang kanilang mga gulayan at iba pang taniman kapag umaapaw ang ilog tuwing tag-ulan. Kapag tagtuyot naman, hirap silang makahanap ng patubig. Malaking problema rin nila ang mga pesteng umaatake sa kanilang mga pananim.

Ngunit malikhain at mahuhusay ang mga taga-Baryong Malaya. Sa loob lamang ng apat na taon, nakagawa sila ng 39 imbakan ng tubig. Napalayas nila ang mga maya at daga nang hindi buu-buong nakaasa lamang sa pestisidyo. Ano ang ginawa nila? Nagtakda ng iisang oras upang mag-ingay nang husto ang buong baryo nang matakot na lumapit ang mga peste! Isa-isa na lamang na namatay ang mga peste hanggang sa wala nang muling kumain ng kanilang mga pananim.

Malaki rin ang pagpapahalaga ng mga namamalakad sa Baryong Malaya sa kalusugan ng mga residente. Halos hindi na kasi sila magpahinga – pero hindi dahil kulang ang kita nila o pinipilit ng mga namamalakad, pero dahil sa gusto nila! Ginawa nang patakaran na walong oras lamang kada araw ang maaari nilang igugol sa pagtatrabaho, pag-aaral at iba pang gawain. Tuwing Linggo, libre ang lahat mula sa trabaho. Mayroong mga tanghalan at palaro sa katabing lote ng kantina. Pwede rin namang magpahinga lamang sa loob ng bahay kung pipiliin. Basta't ang mahalaga, makapagpahinga at manatiling malusog!



Mabilis din nilang naaagapan ang pagkalat ng mga epidemya. Tiniyak ng mga namamalakad na mayroong nakatakdang pares ng nars at doktor na mananatili sa bawat sityo. Lahat ng residente ay nakatatamasa ng abot-kaya, de-kalidad at libreng serbisyong pangkalusugan. Mayroon ding treyning ang kanilang mga doktor sa alternatibong medisina kayat hindi nila kinakailangan lagi ng mamahaling gamot. Mayroong ilang tinamaan ng malaria, dengue at malalang trangkaso ngunit mabilis namang napagaling ang mga pasyente.

Kaisa at mahal ng taumbaryo ang kanilang hukbo, at taos-puso namang nagmamahal at nagsisilbi ang kanilang hukbo sa taumbaryo. Malalim ang ugnayan nila sa isa't isa. Naglalaan ng panahon ang armadong pwersa ng estadong makibahagi sa trabaho ng masang pinagsisilbihan nila. Sumasama sila sa pagtatanim, sa mga pagawaan at kahit sa mga dulaan at kantahan. Hindi rin malupit ang mga kumander. Para sa hukbo ng Baryong Malaya, maayos na pagkakahati-hati lamang ng trabaho ang silbi ng paghihiwalay ng mga upisyal sa kawal – hindi upang magtakda ng mataas o mababa. Gawi ng mga kumander ng kanilang hukbong sumanib sa mga iskwad at sumama sa mga drill.

Bukas sa upinyon at walang pag-aatubili ang mga tao sa Baryong Malaya. Alam nilang walang hadlang sa kanilang magsabi ng lahat ng kanilang saloobin, personal man na hinaing sa buhay o sa kabuuhang pagpapagana ng baryo. Isang malaking blackboard ang ilinaan ng mga namamalakad para rito upang mahikayat na

magpaabot ng anumang problema o komento ang mga residente. Paniniwala nila, madaling resolbahin ang mga problema kapag marami ang nagtulunangan upang maghanap ng solusyon. At tunay nga naman, naging maluwag para sa lahat na maglahad ng kanilang ideya. Mayroong ilang nagtatangkang manlinlang, baluktutin ang mga prinsipyong pinagbatayan ng pagtatayo ng Baryong Malaya, ngunit maagap din itong hinarap ng mga namamalakad. Sinong mag-aakalang dito lang naman pala matatagpuan ang tunay na demokrasya?

Hindi talaga pangkaraniwan ang Baryong Malaya. Kathang-isip lang ba ito? Saan nga ba matatagpuan ang isang lugar na buu-buong kabaligtaran ng lipunang ginagalawan natin ngayon at posible bang umiral ito?

Totoong mayroong Baryong Malaya – ang kwento nito ay kwento ng mga komunang naitayo sa panahon ng sosyalistang konstruksyon sa Tsina. Inabot nila ang isa sa pinakamatataas na antas ng produksyon, konsolidasyon ng pwersa at yaman sa sining sa panahon ng Dakilang Igpaw Pasulong. Naaabot nila ang mga target nila bago pa matapos ang nakatakdang panahon sa Limang Taong Plano. Napapataas nila nang higit pa sa doble ang produksyon ng bakal sa loob ng isang taon – pitong beses na mas mabilis kaysa sa imperyalistang US sa panahong iyon. Bawat taong lumilipas, higit sa doble ang itinataas ng bolyum ng naaani nilang agrikultural na produkto. Naging mga guro, inhinyero, artista, manunulat at lider ang daan-daang milyong maralitang dati'y hindi makabasa ni isang pantig.

*"Tulad ng Tsina, puspusan at walang lubay na naglulunsad ang mamamayang Pilipino ng iba't ibang porma ng pakikipaglaban upang pawiin ang saklot ng dayuhang panghihimasok, pamamayani ng mga panginoong maylupa at pagkontrol ng malalaking negosyante sa ekonomya, pulitika at kultura sa lipunang Pilipino."*

Walang sikreto sa tagumpay ng rebolusyong Tsino. Iisa ang kinailangan nilang gawin upang maabot ang antas ng mga komuna at maranasan ang maalwang buhay sa sosyalistang lipunan: tumangan sila ng armas. Linalabanan nila ang mga burgesya sa kanilang bansa, ang pwersa ng pasistang estado, ang reaksyunaryong hukbo tulad ng Kuomintang at kahit ang mga armadong pwersa ng mga imperyalista. Ilang libong buhay ang binuwis, mga pamilyang nawalay sa isa't isa, mga kapatid, kasama at kadreng hindi na nagkita muli matapos ideklara ang tagumpay. Ngunit yinakap ng mamamayang sumuong sa lahat ng sakripisyong kaakibat ng pakikibaka para sa kalayaan at demokrasya. Sa tagumpay nito, naitayo, pinamunuan at lininang ng mamamayang Tsino ang isang lipunang higit na maunlad kaysa alinmang kapitalistang bansang umiiral hanggang sa kasalukuyan.

Ito ang gínintuang pamana ng sosyalismong nakayanig sa imperyalismo. Matapos nito, kinasangkapan ng imperyalistang US ang mga rebisyunista sa Tsina upang tahasang lusawin ang malayang lipunang naipundar ng mamamayang Tsino at muling pairalin ang kapitalismo.

Gayunpaman, hindi maitatatwa na naabot ng Tsina ang antas ng kaunlaran nito sa kasalukuyan dahil sa mga pagsulong sa larangan ng ekonomya at pulitika sa panahon ng sosyalistang konstruksyon.

Kayang abutin ng lipunang Pilipino ang Baryong Malaya, ang inabot ng Tsina at ang kaginhawahang pangako ng abanteng lipunang sosyalista. Mahigit 50 taon nang nagpupunyagi ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at Pambansang Demokratikong Prente upang maipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan at maabot ang yugto ng sosyalismo. Tulad ng Tsina, puspusan at walang lubay na naglulunsad ang mamamayang Pilipino ng iba't ibang porma ng pakikipaglaban upang pawiin ang saklot ng dayuhang panghihimasok, pamamayani ng mga panginoong maylupa at pagkontrol ng malalaking negosyante sa ekonomya, pulitika at kultura sa lipunang Pilipino. Unti-unti nang naitatanim ang mga binhi ng sosyalistang lipunan sa mga baryo kung saan umiiral ang Pulang kapangyarihan.

Sa Bikol, katuwang ng masa ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpapalayas ng malalaking asyendero at rantsero. Ilang henerasyon na ng mga pamilya ng magsasaka ang nakinabang at patuloy na nakikinabang sa matatabang lupang naipamahagi sa kanila bilang resulta nito. Puong libong magsasaka ang umaangat ang buhay at kabuhayan matapos nilang antas-antas na maipanalo ang rebolusyong


agraryo. Nakamit ang pagpapalaya ng halos 40,000 ektarya sa buong rehiyon sa pamamagitan ng pagsulong ng kilusang masa at paglawak ng armadong pakikibaka. Sustenido at malawak na pagkilos ng mga magkokopra sa antas baryo hanggang antas prubinsya ang nagpanalo sa kampanyang mapababa ang resikada at mapataas ang presyo ng niyog. Sa iba't ibang prubinsya, patuloy na nag-oorganisa at nagmomobilisa ang masa upang labanan ang mga dambuhalang mapanirang neoliberal na proyekto – ang pagmimina at proyektong ekoturismo sa Masbate, Catanduanes, Camarines Sur at Camarines Norte, ang pagpapalawak ng airport at iba pang pagpapalit-gamit ng lupa sa Albay at proyektong pang-enerhiya at pagpapalawak ng mga kalsada sa Sorsogon.

Nagsipagsibol at yumabong sa iba't ibang dako ang mga inisyatiba ng masang makapagpaunlad ng ekonomyang nakaasa-sa-sarili – nagtatayo ng mga grupong tulungan at, sa ibang abanteng baryo, mga kooperatiba. Sa pamamagitan din nito, nababaklas ang kinagawiang hiwa-hiwalay na produksyon at napauunlad ang kolektibong diwa, laluna ng mga magsasaka.

Libu-libong masang Bikolano sa kanayunan ang dati-rati'y hindi nakatatamasa ng libreng edukasyon ang ngayo'y umaangat ang literasiya at numerasiya sa tulong ng rebolusyonaryong kilusan. At higit sa lahat, binitbit at ipinakilala nito ang kritikal, siyentipiko at obhetibong pagsusuring tumulong sa mga maralitang bumalikwas mula sa atrasadong pag-iisip at mga pamahiing sistematikong ipinalulunok sa kanila ng mga kolonyalista at imperyalista.

Matatag na tumitindig ang masang Bikolano para sa kanilang mga karapatan. Ubos-kaya nilang linabanan ang paglulunsad ng Balikatan Exercises sa rehiyon noong 2009. Hindi sila nakalilimot sa ipinagkait na hustisya ng reaksyunaryong gubyerno para sa lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang tao. Deka-dekadang pananakot at pagpapalaganap ng teror ng militar at pulis sa kanayunan ang nagpatatag sa kanilang determinasyong pabagsakin ang pasistang estado at singilin ito sa lahat ng buhay at kabuhayang sinira at binawi mula sa kanila.

Ito ang mga mithiin ng rebolusyonaryong kilusang binabansagan ng reaksyunaryong estadong terorista. Makatwirang hangaring bumangon sa isang umagang hindi aligaga kung saan huhugutin ang susunod na ihahain sa mesa. Makatwirang hangarin ang kasiguruhan ng kinabukasan kahit pa kumayod maghapon. Mayroon bang tatanggi sa maginhawang buhay para sa nakararami? Tiyak ang tanging tatango ay magmumula sa hanay ng mga mapang-aping uring takot sa ideya ng kariwasaang magmumula sa sariling pagbabanat ng buto.



Masalimuot, madugo at puno ng sakripisyo ang landas upang mapanday ang isang lipunang tulad ng Baryong Malaya. Mayroong mga napagod, pinanghihinaan ng loob, nagdalawang-isip, at nanghinayang sa panandaliang ginhawang hatid ng pagpapauna ng sariling interes. Mayroong mga sumuko. Higit na mas marami ang nagpatuloy. Maraming nabuwal ngunit naipamana sa sumunod na henerasyon ang pagpupunyagi para sa katupara't tagumpay ng nagpapatuloy na rebolusyong Pilipino.

Hindi matayog na pangarap ang magpunyagi para sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at pagkamit sa sosyalismo. Dito dumudulo ang lahat ng pagsisikap, sakripisyo at buhay na inialay ng mga kasapi ng Partido, Pulang kumander at mandirigma at matatapang na mamamayang sumuporta at aktibong bahagi ng demokratikong rebolusyong bayan. Hindi ito isang pangarap na hinugot sa hangin o ginuhit ng imahinasyon – ito ay tiyak na tagumpay para sa lahat ng masang inaapi at pinagsasamantalahan. Hinog ang kalagayan upang isulong ang rebolusyon at nasa kamay ng bawat Pilipinong naghahangad ng tunay na pagbabago ang kapangyarihang pandayin at ipagtanggol ang Baryong Malaya. ■

Nota: Ang mga kaganapan at deskripsyon ng Baryong Malaya ay halaw sa mga tunay na karanasan ng Tsina sa panahon ng Dakilang Igpaw Pasulong. Ang mga datos na ginamit ay mula sa mga nakatalang tagumpay ng komuna. Para sa higit pang pagpapalalim sa sosyalistang konstruksyon ng Tsina, hinihikayat ang pagbabasa ng mga isyu ng Peking Review. Sanggunian naman para sa karanasan ng Rusya ang History of the Communist Party of the Soviet Union.